

# PROLOGUE

*“Sa may bahay ang aming bati, merry christmas na maluwalhati....”*

Napasulyap si Kim sa mga batang nagka-caroling. Huminto siya sa paglalakad at bahagyang napangiti habang pinagmamasdan ang maaliwalas na mukha ng mga ito.

Pasko na naman pala, naisip niya. Bakit ba kay bilis ng panahon? Parang kailan lang idinaos ang okasyong iyon, ngayon ay malapit na naman ang araw ng kapanganakan ng Poong Maykapal.

Tumingin siya sa nagkikislapang ilaw sa mga bahay-bahay at pagkuwa’y napayuko. Napakagat-labi siya para pigilin ang luhang biglang sumungaw sa kanyang mga mata.

Huminga siya nang malalim—ilang ulit at saka lang niya ipinagpatuloy ang paglalakad. Malalaki ang kanyang hakbang na parang nagmamadali siyang iwan ang anumang masaklap na pangitaing nagtatangkang manariwa sa isipan niya. Ngunit hindi siya nagtagumpay. Parang tukso, umukilkil sa kanyang pandinig ang ibinalita ng isang kakilalang nakasalubong niya habang namimili sa department store.

*“Pupunta raw sa States si Gene. Palagay ko, pakakasal na sila ni Clarisse. Nakausap ko rin kasi ang tiya ni Clarisse noong isang araw at sabi niya, pinadalhan daw siya ng imbitasyon sa kasal.*

*Nagrereklamo pa nga. Bakit doon pa raw magpapakasal ang dalawa samantalang nandito halos lahat ng mga kamag-anakan nila.”*

*Ah, Pasko na nga. Hindi ba kalimitan ay Pasko kapag naiisipan siyang balingan ng kapalaran at dalhan ng mga pagsubok na parang regalong hindi matanggihan? Hindi na niya dapat iniinda anumang dagok ng tadhana dahil dapat ay sanay na siya. Pasko na naman....*

Abala si Kim sa pagpipigil sa dalamhati kaya hindi niya napuna ang paparating na kotse. Nagulat na lang siya nang maulinigan ang alingangaw ng prenong nagpo-protesta sa biglaang pagkakatapak doon. Namimilog ang mga mata, para siyang napako sa kinatatayuan. Sa sobrang pagkabigla ay hindi na niya nakuhang kumilos. Naramdaman na lang niya ang sariling paulit-ulit na gumugulong sa kalye at pagkatapos noon—kadiliman.

Nagmamadaling bumaba ang nagmamaneho ng kotse at sa tulong ng ilang mga nakikiusyoso ay pahiga nitong naisakay ang dalaga sa likurang upuan.

Dali-daling sumibad ang sasakyan patungo sa pinakamalapit na pagamutan.

---

Nabulabog ang hospital staff sa emergency room nang makita si Kim. Walang malay ang dalaga, pasa-pasa ang buong katawan nito, mahina ang pulso.

“Doc, k-kumusta ho ang lagay niya?” nag-aalalang tanong ng driver ng kotseng nakabundol sa dalaga.

“Hindi pa alam sa ngayon. Maghintay ka na muna sa labas,” anang manggagamot at pinaalis na ang nag-aalalang lalaki.

Sa ICU humantong si Kim. Doon masusing sinubaybayan ang kanyang mga naging kapansanan.

“Hindi pa ba siya nagkakamalay mula nang idating siya?” tanong ng bagong dating na doktor kay Betty, ang nurse na nagbabantay sa dalaga.

Umiling ang nurse.

Tiningnan ng manggagamot ang chart ng pasyente at saka may isinulat na instructions doon.

“Gene.... Bernie....”

Sabay na bumaling ang doktor at nurse kay Kim.

“Bernie....” bulong ulit nito.

“Miss, sino?” banayad ngunit nanghihimok na tanong ng nurse.

Pero hindi na ito narinig ni Kim. Saglit lang nagliwanag ang kanyang isipan pagkatapos ay naramdaman niyang hinihigop na naman siya ng kadiliman.

*Bernie.... Bernie.... Bernie....* Paulit-ulit na umaalingawngaw

*Kahit Ayaw Mo Sa Akin - Kayla Caliente*

---

ang pangalang iyon habang nahuhulog siya sa walang hanggang karimlan.

At sa dulo niyon, naghihintay sa kanya ang alaala ng nakaraan. Ang alaala ni Bernie....